

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipagdiriwang ng Brampton ang Pride na may tatlong araw ng nakakapanabik na mga online event!

BRAMPTON, ON (Hunyo 29, 2020) – Para maiwasan ang pagkalat ng COVID-19, ginagawang online ng Lungsod ng Brampton ang pagdiriwang ng Pride sa taon na ito. Nilikha ng Lungsod ang isang online hub na may mga event sa buong Linggo ng Pride sa Peel, mula Hulyo 5 hanggang 11, sa loob ng Buwan ng Pride sa Brampton, para ipagdiwang ang komunidad ng LGBTTIQQ2SA ng Brampton.

Bisitahin ang www.brampton.ca/pride para sumali sa mga festivity.

Hulyo 5 – Pride in the Square – Birtwal na Edisyon

Sa Hulyo 5, ipagdiriwang ang ikatlong taunang Pride in the Square – Birtwal na Edisyon. Kahit na hindi tayo pwedeng magtipon-tipon nang personal sa Garden Square, magpapatuloy ang Pride in the Square sa isang bago, mapanlikhang paraan sa Facebook at Instagram channels ng Garden Square Brampton.

Mag-enjoy sa kapana-panabik na hanay ng online entertainment sa buong araw.

- 2 PM: Drag Storytime with Fay & Fluffy – Facebook Live sa facebook.com/gardensquarebrampton
- 3 PM: A Pride Garden Party kasama ang CANVAS Arts Action Programs – Facebook Live sa facebook.com/gardensquarebrampton
- 6 PM: “I” ay para sa Inclusion, Improv Activity kasama si Katrina Gibson – Instagram Live @gardensquarebrampton
- 7 PM: Live performance ni Chris Ning – Facebook Live sa facebook.com/gardensquarebrampton
- 8 PM: The Pride After Party kasama si DJ Ace Dillinger – Instagram Live @gardensquarebrampton

Pride in the Square – Ang Birtwal na Edisyon ay mapagbigay na inisponsor ng TD Bank.

Hulyo 8 – Inspirational Youth Speaker Series

Mag-tune in sa Instagram Live @culturebrampton sa 7 PM para sa isang pang-inspirasyong salita mula sa komedyante at magsusulat na si Brandon Ash-Mohammed.

Si Ash-Mohammed ay kinilala bilang isang Just For Laughs Montreal Homegrown Talent, komedyante na nominado sa Tim Sims Award, isang Telefilm New Voices Award winning na magsusulat, at ang

manlilikha ng The Ethnic Rainbow (Una at tanging comedy show ng Canada para sa mga komedyanteng LGBT na hindi puti). Ang album ni Ash-Mohammed na CAPRICORNICATION, ay nag-debut na #1 sa iTunes Canada Comedy charts at gumawa sa kanya bilang unang gay na Black Canadian na naglabas ng isang comedy album. Itinampok din kamakailan si Ash-Mohammed sa CBC/TVO documentary Stand Up Toronto na nag-debut sa unang bahagi ng 2018 na tumanggap ng matinding papuri. Lumabas din siya sa Field Trip Festival, JFL42, at nagbukas para sa Julio Torres sa JFL Montreal.

Hulyo 9 – This is Brampton: Live Online

Ipipresenta ng The Rose Brampton, ang This is Brampton: Live Online ay magtatampok ng matitinding mga performance para sa Pride. Mag-tune in sa The Rose's Facebook Live sa [facebook.com/therosebrampton](https://www.facebook.com/therosebrampton) sa 7:30 PM.

Ang This is Brampton: Live Online ay ang lingguhang Online concert series ng The Rose Brampton na nagpapamalas sa ilan sa pinakamahasag na talent ng Brampton sa mundo, Sumusuporta ang series sa mga lokal na artist sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanila ng isang entablado at bayad sa isang propesyonal na artist. Mula nang mag-umpisa ito noong Abril, nakahuli ang series ng higit sa 20,000 view, at wini-welcome ang mga manonood mula sa bawat kontinente.

Ang This is Brampton: Live Online ay mapagbigay na inisponsor ng Algoma University.

Makipag-ugnayan sa social media!

Manatiling konektado sa lahat ng nagdiriwang sa pamamagitan ng pagbabahagi ng iyong mga kwento, litrato at video sa social media sa buong linggo gamit ang #ShowYourPrideBrampton.

Mga Quote

“Ang Brampton ay isang Mosaic, at hindi natin hahayaan ang COVID-19 na humadlang sa pagkilala ng masiglang mga komunidad ng LGBTQ2SA sa ating lungsod. Sa www.brampton.ca/pride, ipagdiriwang natin online sa pamamagitan ng sining, performance, at programa para sa lahat ng edad. Ang aking pamilya at ako ay mag-i-enjoy sa mga event na ito sa buong linggo. Love is Love is Love.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang ating lungsod na may iba't ibang miyembro at tumatanggap ay naghahanda para ipagdiwang ang Linggo ng Pride sa Peel na may hanay ng kapana-panabik na mga event online. Kahit na hindi tayo makapagdiwang nang personal sa taon na ito dahil sa COVID-19, hinihikayat ko ang lahat na i-bookmark ang www.brampton.ca/pride para sa linggo, mag-enjoy sa mga event, matuto, at magsaya.”

- *Gurpreet Dhillon, Rehiyonal na Konsehal, Wards 9 at 10, Lungsod ng Brampton; Chair, Pagpapaunlad ng Ekonomiya at Kultura*

“Sa taon na ito, dinadala natin ang mga event ng Pride ng Brampton online para mapanatiling malusog at ligtas ang komunidad. Lumikha ng selebrasyon sa bahay kasama ang iyong pamilya – maaari kang mag-order ng takeout mula sa mga local na restawran, mag-dance party, at mag-tune in sa mga online na event sa buong linggo!”

- *Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton; Vice-Chair, Pagpapaunlad sa Ekonomiya at Kultura*

“Habang nagsisikap tayo para muling buksan ang lungsod, ang kalusugan at kaligtasan ng komunidad ay ang unang prayoridad natin. Hinihikayat ko ang lahat na ipagdiwang ang Pride online at nang ligtas sa taon na ito, at ang dagdag na mga detalye ay malalaman sa darating na mga linggo sa susunod na mga hakbang ng Brampton bilang tugon sa COVID-19.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal Wards at 3 & 4; Pinuno, Working Group ng Muling Pagbubukas at Pagbangon, Lungsod ng Brampton*

“Ang staff ng Lungsod ay lumikha ng namumukod-tanging online hub para sa mga event ng Pride sa taon na ito. Siguraduhin na mag-enjoy sa Pride in the Square – Birtwal na Edisyon, sa Inspirational Youth Speaker Series, at sa This is Brampton: Live Online kasama ang iyong pamilya at ibahagi ang iyong karanasan gamit ang #ShowYourPrideBrampton.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca